

Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas at Pag-iimahen sa mga Tsino noong Dantaon 16-18¹

Looking Back at the Complicated Chinese-Spanish Relations in the Philippines and Perception to the Chinese during the 16-18th centuries.

LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA

lbranera@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Manila

ABSTRAK

Mas matagal nang namalagi ang mga Tsino sa kapuluan ng Pilipinas kaysa sa mga mananakop na Español. Kung kayâ, hindi maiiwasan ang pagtatagpo ng dalawang pangkat na ito sa agos ng tatlong dantaon ng kolonisasyon. Sa pagbabasâ ng mga naunang literatura hinggil sa lipunang Tsino sa Pilipinas noong panahon ng kolonisasyon, matatawag na masalimuot na duwalidad ang naging ugnayang Tsino-Español noong ika-16-18 na dantaon. Tumuon ang papel sa maraming hidwaan sa pagitan ng mga Tsino at Español sa loob ng tatlong kategorya na tinatawag na “suliraning Tsino”: (1) ang naganap at bantang pagsalakay ng mga banyagang Tsino; (2) ang rebelyon at malawakang pagpatay ng mga Tsino; at (3) ang polisiya sa pagkontrol ng populasyon ng mga Tsino sa kolonya. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw at pagtatasa ng mga ito, iminumungkahi at sinusupportahan ng papel ang panibagong pag-iimahen sa mga Tsino sa Pilipinas bílang impluwensiyal at pinangangambahang grupo kompara sa matagal nang itinatatak sa kaniláng “despised cultural minority” (Abinales & Amorsolo 65).

Mga susing salita: lipunang Tsino, araling Tsino, ugnayang Tsino-Español, kolonisasyon, Kasaysayan

¹ Nabuo ang preliminaryong bersiyon ng papel noong Disyembre 2019 bílang isa sa mga rekisito ng Kasaysayan 203: The Philippines during the 17th and 18th Centuries sa ilalim ni Prop. Vicente C. Villan, Ph.D, UP Departamento ng Kasaysayan.

ABSTRACT

Chinese presence in the Philippine Islands predates the arrival of its Spanish colonizers. Thus, contact between the two racial groups became inevitable during the entire span of three hundred years of colonization. In reading past literature on Chinese in the Philippines during the colonial period, the Chinese-Spanish relations can be described as a complicated duality during the 16th-18th centuries. Moreover, this paper mainly focuses on the numerous conflicts between Chinese and Spaniards under three categories, also termed in this paper as the “Chinese problem,” namely: (1) the threats and attempts of Philippine invasion by China; (2) the rebellions and massacres of the Chinese; and (3) the policies on Chinese population control in the colony. Through excavating and evaluating these phenomena, this paper proposes instead and supports the reimagined image of Chinese in the Philippines as a dominant, influential, and menacing group compared to its mainstream description of them being a “despised cultural minority” (Abinales & Amorsolo 65).

Keywords: Chinese society, Chinese studies, Chinese-Spanish relations, colonization, history



PANIMULA: KALIGIRAN NG UGNAYANG TSINO-ESPAÑOL

S*angley* ang isa sa mga karaniwang pantawag ng Español sa mga Tsino na namamalagi sa kapuluang kolonya ng Pilipinas. Sa paghuhukay sa pinagmulan ng salitang ito, mayabong umano sa iba’t ibang paliwanag ito. Una, sinasabing nagmula ito sa *shang lu* (商旅) na nangangahulugang “manlalakbay na mangangalakal” (Chang 189). Ikalawa, gáling ang salita mula sa *chang lai* (常來) na nangangahulugang “namamalaging bisita” (Boxer 261; Sande 4:50). Ayon sa isa pang paliwanag, mula ito sa *seng-li* (生意) na nangangahulugang “negosyo” (Chu 69). Kung papansinin ang iba’t ibang paliwanag (partikular na sa “namamalaging bisita”), marapat na mahihinuha ang napakatagal nang presensiya at pakikisalamuha ng mga Filipino sa mga Tsino gayunding sinusuportahan ito ng mga arkeyolohikal na ebidensya. Ang presensiya ng iba’t ibang palayok at porselana sa ating mga bansa na mula pa noong dinastiyang T’ang hanggang Ming ay tiyak na nagpapatunay sa maagang ugnayan sa pagitan ng dalawa (Fox 44-62). Kung mulíng babasahin nang malapitan at maigi ang maagang naratibong Kanluranin, malinaw na nakasaad na hindi lámang Filipino ang kanilang natagpuan sa kapuluan ng Pilipinas—gayundin ang Tsino.

Isa sa naunang salaysay patungkol sa pagtatagpo ng Español at Tsino ay naganap sa isla ng Mindoro noong 1570. Ulat ng hindi kilalang may-akda, nakatanaw sina Martin de Goiti, pinunò ng kampo ng mga Español, at Juan de Salcedo ng dalawang barko sakay ng mga Tsino at nilapitan ito. Sa kasamaang palad, nauwi sa bakbakan nang napansin nilang hawak ng mga Tsino ang kanilang armas habang papalapit sina Goiti. Ang kinahinatnan: dalawampung (20) Tsino ang namatay sa labanan. Kalaunan, humingi ng paumanhin si Goiti sa mga Tsino at pinangakuang papalayain sila, aayusin ang kanilang mga barko, at bibigyan ng mga bagay na kakailanganin nila sa paglalayag pabalik sa Tsina. Maluwag na tinanggap ng mga Tsino ang kanilang dispensa at mga pangako (“Relation of the Voyage to Luzon” 3: 74-77). Sino ang mag-aakala na ang salaysay ng maikling tunggaliang ito ay siyang magsisilbing premonisyon ng magiging *kompleks* na ugnayan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat na ito sa mga susunod na dantaon?

Tahasang *masalimuot* ang ugnayan sa pagitan ng dalawang pangkat sa historiograpiya ng mga historikal na akdang tumalakay sa lipunang Tsino sa Pilipinas noong panahon ng kolonisasyon. Sa simpleng pagsasalarawan, mayroong itong dalawang mukha. Nilalarawan ng *unang* mukha

ang mabuting ugnayan ng dalawa. Kung sa ekonomikong aspekto, may pagturing ng pagpapahalaga ang Español sa Tsino. Nariyan ang matatag at matagal na relasyon sa kalakalang galyon—ang palitan ng sutla't porselana (mula sa Tsina) sa pilak (mula naman sa Mexico) na tumagal nang higit dalawang siglo. Naging masusi umano ang presensiya ng Tsino upang pagdugtungin ang Hilagang America at Asia kung saan Maynila, ang kabisera ng kolonya, ang nagsilbing sentrong pangkalakalan sa pagitan ng magkabilang mundo (Kueh 9). Bukod doon, katwiran ni Kueh (18) sa kaniyang disertasyon, nanatili ang Español sa kapuluan dahil sa presensiya ng Tsino. Isa pang kongkretong halimbawa: sa entradang yari sa kahoy ng simbahan ng San Agustin, kung saan nakaukit ang mag-inang San Agustin at Santa Monica, matatagpuang bantay sa gilid ang apat na *Chinese Fu Guardian Lions* (石獅). Kung pagninilayan, isang palaisipan paano nakapook ang isang kultural na eskultura ng mga Tsino sa isang mahalagang institusyon ng Kristiyanismo at ng kolonisasyon—ang simbahan—at higit pa sa lahat, matatagpuan sa loob ng kabisera ng kolonya (Intramuros Maynila). Sinasabing pinahalagaan at kinikilala ng mga Español ang kakayahang paggawa ng mga artisanong Tsino (Chan 54).

Sa kabiláng dako, ang *ikalawang* mukha ay tumutukoy sa hindi mabuting bahagi ng ugnayang Tsino-Español. Kahit sa kabila ng impluwensiya at halaga ng mga matagal nang mangangalakal o minoridad na residente ng Pilipinas, hindi naging matiwasay sa loob ng mahigit tatlong siglo ng kolonisasyon ang samahán ng dalawang lahing pangkat. Nababanggit sa mga dokumento ang iba't ibang anyo ng gusot at salungatan sa pagitan ng dalawa. Ilan lámang sa mga halimbawa: ang pagsalakay ng isang piratang Tsino na si Limahong sa Maynila kung saan pinaslang si Goiti; ang pagpaslang ng Tsino sa mag-amang Gob. Hen. Dasmariñas;¹ ang paulit-ulit na rebelyon ng mga Tsinong humantong sa malawakang pagpatay sa kanilá; at ang paulit-ulit na mga polisiya tungkol sa pagkontrol ng bflang ng mga Tsino. Sa mga inilatag na hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, nakapagtataka pa rin kung paano pa



Retrato 1. Ang isang *Fu Guardian Lion* sa tapat ng San Agustin (kuha ng may-akda, 2022)

nangyari ang mga ito kahit sa kabila ng malalim na ekonomikong-kooperasyon ng dalawa. Tulad lang din ng maraming ordinaryong relasyon ng dalawang tao, likás na bahagi nito ang minsang maganda at hindi magandang pakikitungo sa isa't isa.

Samakatwid, kinikilala ng mga akdang-pangkasaysayan ang duwalidad. Subalit, nais ng may-akda na ituon na lámang sa hindi magandang bahagi ng ugnayang Tsino-Español noong ika-16-18 na dantaon para sa mas malalim pang pag-unawa ng mismong ugnayan at pag-iimahen ng mananakop sa pangkat ng Tsino. Kinikilala ni Horsley (208-214) ang negatibong pagtingin sa Tsino, o tinatawag niyang “anti-Chinese feeling,” na tila hindi maiiwasan sapagkat tugma ito sa naging karanasan at pakikihalubilo ng Kristiyanong Español sa mga Moro at Hudyo sa kaharian ng España. Sa kaniláng karanasan, ang pakikihalubilo na ito ay nakapagdudulot ng maraming suliranin at panganib sa katatagan ng kanilang pamumunò sa kaharian.² Tungkol sa karakterisasyon ng Tsino, may pahayag dito

¹ Hiwalay na naganap ang pagpaslang ng Tsino sa mag-ama na sina Gob. Hen. Gómez Pérez Dasmariñas (nagsilbi noong 1590-1593) at Gob. Hen. Luís Pérez Dasmariñas (nagsilbi naman noong 1593-1596).

² Sa Kasaysayan ng España, matatandaan ding minsang nanaig ang Islam dito sa loob ng 700 taon sa pamamagitan ng Umayyad conquest kung saan naireklama naman ito ng mga Kristiyanong España sa pagbagsak ng Granada noong 1492.

si Wickberg (*Chinese in Philippine Life* 9) kung saan inilarawan niya rin na “despised cultural minority” ang Tsino na inalingawngaw na ng ilan-ilan—tulad nina Abinales at Amoroso (65) sa kanilang akdang pangkasaysayan ng Pilipinas.³ Nabanggit naman ni Arcilla (30) ang “Spanish prejudice against the Chinese hardened” habang patuloy na pinagtatagpo ang dalawang pangkat. Bagaman totoo ito sa isang bahagi, mayroong panganib na maitatak sa kamalayan ng mga mambabasang Filipino ang simplistikong karikatura ng mahinang uri at inaalipustang Tsino sa pamamagitan ng mga nabanggit na pagsasalarawan.⁴ Nais tunguhin ng may-akda si Weightman (231) kung saan bagaman sinabi na kinaaayawan ang Tsino, may pagkilala rin sa kanilá bílang kinatatatagpo pangkat. Tugma rin ito sa pahayag ni Arcilla (31) na “fear deepened prejudice.” Samakatwid, iminumungkahi ng papel na ang panibágong pagkikilala at pag-iimahen sa mga Tsino bílang isang *impluwensiyal* at *pinangangambahang* pangkat sa konteksto ng masalimuot na ugnayang Tsino-Español. Napili ang panahong ika-16-18 na dantaon sapagkat dito malimit na naganap ang mga naging tunggalian at hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat at pagkikilos na kontra-Tsino. Magsisimula ang papel sa taóng 1574, kung kailan sumalakay si Limahong sa Maynila, hanggang sa taóng 1778, sa ilalim ng rehimen ni Gob. Hen. Jose Vargas Basco kung kailan nagkaroon ng imbitasyon sa mga Tsino mula Tsina na manirahan sa Pilipinas. Layunin din ng papel na ito payabungin pa ang literatura hinggil sa lipunang Tsino sa Pilipinas partikular sa saklaw na panahong ito.

Nahahati sa tatlong bahagi ang papel na ito. Una, pagtatalâ ng iba’t ibang kaganapang na bumubuo sa masalimuot na salungatan sa loob ng tatlong temang maaari ring tawaging “suliraning Tsino”: (1) mga banta at naganap na pagsalakay sa Pilipinas ng banyagang Tsino; (2) ang mga rebelyon at malawakang pagpatay

sa Tsino; at (3) ang mga polisiya sa pagkontrol ng populasyon ng Tsino. Ikalawa, pagtatasa sa lahat ng mga nabanggit tungkol sa itaas. At sa huli, pagtutuldok sa akda sa pamamagitan ng kongklusyon at posibleng tunguhin ng pag-aaral na ito.

ANG MGA BANTA AT NAGANAP NA PAGSALAKAY SA PILIPINAS NG MGA BANYAGANG TSINO

Sa maraming pagkakataon, nagtangka ang banyagang Tsino (mula Tsina) na sakupin ang Pilipinas sa unang dantaon ng kolonisasyon. Sa huli, hindi man naging matagumpay ang pagkuha sa kapuluan mula sa Español, hindi maikakailang nakapagtatak ito ng pangamba sa mananakop dahil sa kanilang interes sa Pilipinas na tiyak nakaapekto naman sa pakikitungo ng Español sa kanilang sinasakupang-residenteng Tsino ng bansa. Bukod dito, mahalagang isaalang-alang ang dalawang kontekto na: lumalakas na pamimirata ng mga banyagang Tsino sa panahong ito; at mariwasang oportunidad na posibleng matamasa sa Maynila (Borao 33).⁵

Marahil, ang pinakauna sa kamalayan ng Español ang pagsalakay ni Limahong, isang pirata mula sa Tsina, kasáma ang pitumpung (70) sakayang pandirigma sa Maynila noong Nobyembre 30, 1574. Malaki ang pinsalang naidulot sa Maynila na kung saan pinaslang din ang ilang mga Español kabílang si Martin de Goiti (Morga 15: 52-53). Ayon pa nga kay Gob. Hen. Francisco Sande, bágong pinunò ng pamahalaang kolonyal matapos ang pagsalakay, may pagdiin siya larawang “malaking bahagi ng Maynila ang nasunog at nasira (salin ng may-akda)” (Sande, 4:24). Napuksa na ang puwersa nina Limahong noong pinamunuan naman ni Juan Salcedo ang labanan matapos magpadalâ ng puwersa sa Maynila mula Vigan, Ilocos Sur (Morga 15: 52-53). Kahit na tagalabas ang puwersa nina

³ Kilalang awtoridad si Edgar Wickberg pagdating sa lipunang Filipino-Tsino sa Kasaysayan ng Pilipinas. Sa katunayan, ang libro ni Wickberg ay nakatuon lámang sa ika-19 na siglo; subalit, matatagpuan ang nakasiping pagsasalarawan sa pinakaunang kabanata tumalakay sa buod ng lipunang Filipino-Tsino bago ang taóng 1850 (*The Philippine Chinese before 1850*). Ang libro naman nina Abinales at Amoroso ay isa sa mga kilalang akdang pangkasaysayan ng Pilipinas gamit sa kasalukuyan.

⁴ Bílang paglilinaw, hindi lámang ito ang tanging larawang ibinangsag sa Tsino sa panahong kolonisasyon na matatagpuan sa literatura o batis. Subalit, hindi maitatanggi na dominante ang ganitong karakterisasyon (*“despised cultural minority”*) sa pagtalakay ng lipunang Tsino noong panahon ng kolonisasyon. Sa personal na karanasan ng may-akda, hindi nakalilitgaang banggitin ng mga guro o tagapagsalita ng Kasaysayan ang hidwaang Tsino-Español tuwing tinatalakay ang panahon ng kolonisasyon.

⁵ Ani Borao (33), naaayon sa banyagang Tsino ay Maynila dahil dito ang bagsakan ng pilak na kung saan may mataas na pangangailangan dito ang Tsina. Para naman kay Sande (4: 65), wari niya na talagang gusto ng mga Tsino ang pakikipagkalakalan sa kanila dahil sa “pilak” at “ginto” mula Mexico.

Limahong, sinasabing tinulungan pa rin sila ng residenteng Tsino ng Maynila sa pagsalakay nito sa pamamagitan ng pagpaslang ng mga prayle, pagsira ng mga simbahan, at tirahan ng mga iláng mga Español (Abinales at Amoroso 64-65).



Retrato 2. Kalakip ang bansag na “Sangleyes” o “Chinos” matatagpuan ang isang pagsasalarawang biswal sa mga Tsino sa Pilipinas na pinakauna sa labingdalawang guhit ng magkabilang gilid ng mapang Velarde-Bagay-Suarez. Ang mapa na ito ay kolektibong likha ng isang Heswitang prayle na si Pedro Murillo Velarde at dalawang Filipino na sina Nicolas de la Cruz Bagay at Francisco Suarez noong 1734 (mula sa Biblioteca Nacional de España)

Paglipas ng panahon, mayroon pang dalawang banta ng pagsalakay sa Pilipinas na naganap. Sa unang bahagi ng taóng 1603,⁶ nagpunta ang tatlong Mandarin⁷ mula Tsina kasama ang iba pang mga Tsino sa Pilipinas upang kausapin si Gob. Hen. Pedro de Acuña at kumpirmahin ang presensiya ng maraming ginto sa Cavite. Sa mismong araw na ito, may walong barko pang dumaong sa Maynila at ayon sa mga sakay na Tsino, pawang kautusan lámang ng Hari ng Tsina na obserbahan ng tatlong Mandarin ang Pilipinas. Bukod doon, nais din ng Hari ng Tsina na itigil ang kalakalan

⁶ May kalituhan tungkol sa buwan ng pagdating ng tatlong Mandarin. Ayon sa liham ni Salazar at ng Royal Audiencia, naganap ito sa buwan ng “Mayo.” Ayon kay Morga at Argensola, naganap ito noong “Marso.” Posible nagkaroon ng mali sa pagsasalin o depekto sa paglalathala.

⁷ Ang terminong “Mandarin” ay tumutukoy sa mga opisyaes at edukadong Tsino sa Tsina noong dinastiyang Ming, tingnan Coblin 537.

sa pagitan nilá at sakupin ang bansa gamit ang isang daang libong mga mandirigmang Tsino bago matapos ang taon (Argensola 211-212; Morga 15: 273-274; Salazar 12: 83-85). Sa kaganapang ito, kapansin-pansin ang pagiging maingat at mapagmatyag ng Español sa kanilá. Nariyan din ang matinding “paghihinala” ng Español (Borao 27-28). Hinigpitan ni Gob. Hen. Acuña ang seguridad ng Intramuros Maynila bílang paghahanda kasabay ng kumakalat noon na planong rebelyon ng mga Tsino (Argensola 212; Maldonado 136; Royal Audiencia 12: 142). Litaw na litaw sa isang liham ni Gob. Hen. Acuña kay Haring Felipe III ang pagiging segurista,

I told you how I was preparing, being in uncertainty, what appeared to me necessary, so that if anything should happen I should not be caught unprepared...

I likewise ordered that they should collect, bring together, and transport as many provisions as possible. I was not careless in regard to the walls, but rather with much diligence repaired what was necessary; and I continued the building of the fort which I wrote your Majesty was being made on the point, as it was so necessary a defense, and the supplies and other articles had to be gathered and guarded there.

Kalaunan, mas lalong kumalat sa Maynila sabi-sabi na rebelyon ng Tsino hanggang sa tuluyan nga itong umiral sa buwan ng Oktubre 1603 na nagresulta sa pinaka-unang naitalâng malawakang pagpatay sa kanilá.

Noong Mayo 1662, mulíng nagkaroon ng isang Tsino na si Koxinga. Nagpadalá ng liham si Koxinga kay Gob. Hen. Sabiniano Manrique de Lara na nag-uutos mag-alay ng tributo at kilalanin ang kaniyang kapangyarihan; kung sakaling hindi, sasakupin niya ang kapuluan mula sa kanilá (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 218-219). Bílang paghahanda sa banta, agad niyang ipinatawag ang mga mandirigmang Español mula pa sa Mindanao at Moluccas upang higpitan pa lalo ang seguridad ng Maynila dalá ng kaniyang takot (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 221). Dagdag pa rito, ipinag-utos ng Gob. Hen. ang paggiba ng mga simbahan sa karatig-bayan ng Maynila upang

gamitin ang mga bató nito sa portipikasyon ng Maynila (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 246). Dahil na rin sa pangamba, inilayag ng mga Español ang iláng Tsino palabas ng Pilipinas. Kalaunan nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan ang dalawang pangkat kayâ mulíng nauwi sa tunggalian at malawakang pagpatay sa mga Tsino (McCarthy, *On the Koxinga* 191-193). Natuldukan ang planong pagsalakay sa bansa nang bawian ng búhay dahil sa sakit si Koxinga noong Enero 1663 (McCarthy, *On the Koxinga* 194).

Kapansin-pansin sa mga bantang pagsalakay ng banyagang Tsino na marahil walang partisipasyon sa una ang residenteng Tsino ng bansa ngunit kalaunan ay nadadamay sila rito. Sa taóng 1603, mapapansin ang pagkakabit ng: bantang pagsalakay matapos dumating ang tatlong Mandarin sa Maynila (iláng buwan bago ang Oktubre 1603); at unang malawakang pagpatay sa Tsino (naganap Oktubre 1603). Nabanggit kanina na agad naging usap-usapan ang planong rebelyon sa Maynila matapos ang pagdating ng tatlong Mandarin. Mahalaga ring mabigyan-diin ang konteksto sa nakaraan: pagiging katuwang ng residenteng Tsino ng Maynila kina Limahong noong 1574; at ang naganap na pag-aalsa ng mga Tsino laban kay Gob. Hen Dasmariñas noong 1593. Nagbunga ito ng pagdududa at masamâng pagtingin laban sa kanila. Dahil sa hinala at pag-aalinlangan ng Español lalo na ng pamahalaang kolonyal noong 1603, nakaranas ng pagmamalupit ang residenteng Tsino ng Maynila at tinawag na mga “traydor” at “aso.”⁸ Pagpapalagay ni Morga, sapat na itong dahilan upang makapag-udyok ang rebelyon kontra Español kahit sabihing walang plano gawin ito noong umpisa (Morga 16:32).

May pagkakahalintulad ito noong 1662, ang takot at hinala sa mga Tsino ay nauwi sa kaguluhan sa pagitan ng Español at ng residenteng Tsino ng Maynila. Nagdesisyong tumungo sa Formosa, Taiwan ang ilan sa kanilá upang sumanib sa puwersa ni Koxinga (McCarthy, *On The Koxinga* 193). Kahit hindi pa man din tumutulong ang residenteng Tsino sa pinaplanong “pagsalakay” (dahil hindi

naman naganap sa kasong ito), hinatulan sila kaagad ng hindi pagiging tapat na mayroong kakayahang hamunin ang pamumunò ng mananakop. Paulit-ulit na bangugot ito para sa mga mananakop.

ANG MGA REBELYON AT MALAWAKANG PAGPATAY SA TSINO

Kung sinubukan ng Filipino lumaban sa Español sa maraming pagkakataon noong ika-16 hanggang ika-18 na siglo, gayundin ang residenteng Tsino sa bansa. Nagpasibol ng maraming pag-aalsa ang mga Tsino laban sa pamahalaang kolonyal sa loob ng saklaw na panahon. Ang mga rebelyon na ito ay nagdulot ng tunggalian o labanang nauwi sa malawakang pagpatay sa kanilá. Hindi lámang iisang beses nagkaroon ng malawakang pagpatay sa Tsino kundi apat na beses sa mga taóng 1603, 1639, 1662, at 1762.⁹

Dalawa ang masasabing pangunahing dahilang nagtulak sa pagkakaroon ng mga rebelyon at pag-aalsa ang mga Tsino laban sa mga Español. Bilang pagkakabit sa naunang bahagi, unang dahilan ang pagkakaroon ng pagsalakay o mga bantang pagsalakay sa Pilipinas. Sa taóng 1603, pagkalipas ng ilang buwan matapos bumisita ng tatlong Mandarin sa Maynila, naganap ang tunggalian at malawakang pagpatay sa mga Tsino sa buong buwan ng Oktubre (Argensola 215-226). Matagumpay na sinalakay at sinunog ng rebeldeng Tsino ang iilang mga distrito sa gilid ng Intramuros sa Maynila (Tondo, Quiapo, at iba pa) kasabay ng pagpaslang sa iláng mga matataas na Español kabílang ang dáting Gob. Hen. Luis Perez de Dasmariñas at ibang mga Kapitan na sina Juan Alcega, Tomas Bravo, at Cebrian de Madrid (Argensola 216-218; Morga 16: 38; Royal Audiencia 12: 143). Kahit marami at malubha din ang pinsalang nagawa sa bahagi ng Español, naging retribusyon ang maramihang pagpaslang sa Tsino sa katapusan ng Oktubre. Bagaman hindi matitiyak ang totoong bílang ng mga pinatay na Tsino, ngunit ayon sa mga talâ ng Español tinataya ang dami nito mula 15,000 hanggang 30,000

⁸ Masasabing madalas na insulto ng mga Español ang pagtawag sa mga Tsino na “aso” na posibleng nangangahulugang “masamâ.” Halimbawa sa taóng 1574, sinisigawan ng asawa ni Martin de Goiti ang mga Tsino na “aso” nang sinalakay ang kanilang tahanan, tingnan Sande 4:29.

⁹ Ayon kina Wickberg at Guerrero, nagkaroon ng apat na pangunahing rebelyon ang Tsino sa mga taóng 1603, 1639, 1662, at 1686. Si Santamaria naman ang nagbanggit sa rebelyon ng 1762. Subalit, hindi kinilala ni Kueh na rebelyon ang naganap noong 1686 bagkus isang malaking “krimen” lamang ito. Kung pagtatahiin ang mga nabanggit, nakapagdesisyon ang may-akda na bumase lámang sa taóng 1603, 1639, 1662, at 1762.

(Santamaria 78).¹⁰

Sa taóng 1662, sumibol na naman ang isang rebelyon nauwi sa malawakang pagpatay sa Tsino makalipas ang pagbabanta ni Koxinga sakupin ang Pilipinas. Sa pag-aaral ni McCarthy, nabanggit na ang iláng mga kautusan ni Gob. Hen. de Lara sa nakaraang seksyon; ngunit, isa pa sa mga naging kautusan niya ang pagtitipon ng Tsino sa Binondo at Parian (McCarthy, *On the Koxinga* 191-192). Nagkaroon lang ng maliit na pag-aalsa ang mga Tsino sa Parian; subalit, napagkamalang isang malaking rebelyon ito ng mga Español kayâ pinaputukan at sinalakay nilá ang Parian; maraming Tsino ang namatay. Dahil dito, namuo ang takot at galit ng Tsino kaya tumakas sila sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at labas ng kapuluan (hal., Taiwan) habang ang mga nanatili ay patuloy na lumaban sa Español o walang kinampihan. Hindi umimik ang iláng Tsino sa Parian habang kusang nagpakamatay ang ilan sa pamamagitan ng pagbigti o pagkalunod dalá ng matinding takot (McCarthy, *On the Koxinga* 192-193). Nagpatuloy ang hidwaan dahil sa kaguluhan at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat; mulí, maraming namatay sa kanilá.

Sa taóng 1762, nakuha ng Gran Britanya ang Maynila. Ang lokal na Tsino ay naging katuwang ng Britanya laban sa Español. Sa lalawigan ng Pampanga, nagsagawa ang residenteng Tsino ng planong pagsalakay sa isang simbahan sa bisperas ng Pasko, Disyembre 24, upang paslangin si Simon de Anda, pansamantalang pinunò noon ng Español, ngunit maagang nalaman ng Español ang binabalak. Pinaslang ng Español ang mga kalabang Tsino at binigti ang ilan sa kanila (Escoto, *Expulsion* 48-50).

Ang ikalawang dahilan na nagtulak sa tunggalian sa pagitan ng dalawa ay ang patuloy na pang-aabuso sa Tsino. Pinakaunang halimbawa na ang pangyayaring pag-aalsa ng Tsino laban kay Gob. Hen. Gomez Perez de Dasmariñas noong 1593. Sa pagsasalaysay ni Argensola (132), nais salakayin ni Gob. Hen. Dasmariñas ang Moluccas at depensahan ang

bansa mula naman sa mga mananakop na Hapón gámit ang apat na galyon. Ang lahat ng aliping Filipino ay sapilitang ipinatawag ng Gob. Hen. upang magsilbi sa mga galyon subalit kulang sila para naman sa pangunahing galyon. Dahil dito, sapilitang ipinatawag ng Gob. Hen. ang 250 mangangalakal na Tsino kahit binalaan siya na huwag magtiwala agad-agad sa Tsino. Hindi sang-ayon ang Tsino sa kautusang ito; nagpumilit ang Gob. Hen. at nangako na magiging malayà sila sa loob ng galyon na may mabuting pagtrato (Argensola 133-134). Noong Oktubre 19, umalis ang pangunahing galyon mula Maynila. Kinagabihan ng Oktubre 25, sapilitang inutusan ang mga Tsino na isagwan nang malakas ang galyon (Argensola 136-137). Iba't ibang abuso ang sinapit ng mga Tsino sa galyon. Sinigawan, pinarusahan, tinakot na puputalan ng buhok, at ikakadena sila ng mismong Gob. Hen. Dahil sa mga naganap, hindi ito ikinatuwa ng mga sakay na Tsino at nagresulta ito sa trahedyá; matagumpay niláng pinatay ang maraming Español kabilang si Gob. Hen. Dasmariñas (Argensola 137-138).¹¹

Noong 1639, nagpasya ang pamahalaang kolonya ipadala ang ilang residenteng Tsino ng Maynila sa Calamba, Laguna upang sapilitang magtrabaho sa palayan dahil sa kakulangan ng tao. Ipinadalá rin kasi sa Cavite ang ibang Filipino upang tumulong sa paggawa ng sakayang pandirigma. Hindi naging maganda ang naging karanasan ng Tsino sa Calamba. Iláng buwan lang ang nakalipas at marami ang namatay dahil sa *malaria*.¹² Dagdag pa rito, hindi makatarungan ang singil at pambayad sa kanilá ng alkalde ng Calamba na si Dr. Luis Arias de Mora. Dahil sa mga naganap, nag-aklas ang mga Tsino noong Nobyembre 1639 bitbit ang iba't ibang armas, sinalakay ang tiráhan ng alkalde, at pinaslang siya. Kalaunan nagtungo sila sa Maynila at nang mabalitaan ito ni Gob. Hen. Sebastian de Corcuera, nagpadala siya ng hukbo upang supilin ang Tsino (McCarthy, *Slaughter* 659-660). Nagpatuloy ang tunggalian hanggang sa sumuko ang Tsino noong Pebrero 24, 1640 dulot ng pakikipagsunduan sa kanilá (McCarthy, *Slaughter* 663).

¹⁰ Interesante ang pagdududa ni Escoto tungkol sa mga iginigiit na bílang ng mga namatay sa mga naganap na malawakang pagpatay sa Tsino na paulit-ulit lumalabas sa teksto ng Español. Tingnan Escoto, *Expulsion* 78-79. Kung mayroong pagmamalabis sa numero, maaaring manipestasyon ito ng sadyang pagbibida ng mga may-akdang Español sa kaniláng “lakas” o “kakayahan.”

¹¹ Ang buhok sa ulo para sa mga Tsino noon ay isang mahalagang simbolo ng dangal kayâ hindi nila ito pinuputol o binabawasan.

¹² Isang uri ng malubhang sakit na bitbit ng mga lamok na *Anopheles*. Madalas isinisilang ang mga lamok sa basâng lugar tulad na lámang ng palayan.

Dalawa ang dapat alalahanin ukol dito. Una, ang iba't ibang malawakang pagpatay sa Tsino ay hindi nangangahulugan ng totoong kagustuhang burahin sila sa lipunang kolonya. Hindi nila magagawa ito kahit sa kabila ng mga suliraning Tsino. Maaaring pagpapakahulugan ang malawakang pagpatay bílang aksiyong pandepensa at pagtatanggol lámang sa kaniláng kontrol sa kolonya kontra sa mga rebeldeng Tsino sa oras ng kaguluhan. Ikalawa, malimit nabukás sa pakikipagsunduan ang Español sa Tsino sa bansa; minsan sila pa mismo ang nangunguna. Nangyari na ito noong 1603, noong sinubukang makipagsundo ng kapayapaan si Gob. Hen. Acuña sa mga rebeldeng Tsino sa pamamagitan ng kaniláng gobernador na si Juan Bautista de Vera (Argensola 216). Pagkatapos ng tunggalian sa taóng ito, bumalik din ang kalakaran sa Tsina (sentrong pangkalakal ang Pilipinas) kahit sariwa pa sa alaala ang trahedyá (Argensola 226-227). Noong 1639, naghikayat naman ng kasunduan ng kapayapaan ang ilang Tsino na tinanggap ng Español kung saan si Francisco Vicente ang nagsilbing tagapamagitan ng dalawa (McCarthy, *Slaughter* 660). Noong 1662, ipinadala ni Gob. Hen. de Lara ang dalawang prayle na sina Vittorio Ricci at Jose de Madrid upang makipagsundo sa rebeldeng Tsino na wakasan ang labanán. Dagdag pa, ipinadala si Ricci sa Taiwan at nakipagsundo sa naiwang pangkat ni Koxinga (McCarthy, *On the Koxinga* 193-195).

ANG MGA PATAKARAN SA PAGKONTROL NG POPULASYON NG TSINO

Kung ihahambing sa dami ng rebelyon at malawakang pagpatay sa Tsino, higit na mas marami ang isinilang na patakaran ng Español tungkol sa pagbabawas at paglilimit ng populasyon ng Tsino sa bansa na nagsimula noong 1603 at lumabas din sa mga taóng 1605, 1620, 1662, 1686, 1744, 1747, 1754, at 1766 (Guerrero 29-36).¹⁵ Pansamantala lámang ang tagumpay ng pagkontrol sa bílang; hindi ito napapanatili sa mahabang panahon kayâ pangkaraniwan ang pag-akyat-babâ ng populasyon ng Tsino sa bansa. Bukod pa, sa paghahambing ng kaniláng populasyon, talagang nakababahala para sa Español ang higit na mas mataas pang bílang ng Tsino

kompara sa maliit niláng bílang (Borao 33; Weightman 220; Wickberg, *Chinese in Philippine Life* 5-6). Sino na ngayon ang tunay na “minoridad”?

Sa isang liham ni Gob. Hen. Acuña kay Haring Felipe III noong Disyembre 1603, nakasaad na hanggang 4,000 lang na Tsino ang maaaring manatili sa kapuluan; subalit, kapansin-pansin na labis pa rito ang mga nasawi sa malawakang pagpatay noong Oktubre (Acuña 12: 167-168). Noong 1605, naghigpit ang Royal Audiencia sa pagtanggap ng Tsino nang mabalitaan ang paparating na labingwalong (18) barko dalá ang 5,500 na Tsino papunta sa bansa (Madrid 14: 50-52). Sa sumunod na taon, nag-abiso si Haring Felipe III kay Gob. Hen. Acuña na huwag pahintulutan makapasok ang ibang Tsino (Haring Felipe III 14: 192). Noong 1620, nagkaroon ng isang decreto real na nag-uutos na hanggang 6,000 na Tsino (Chia 516). Sa hulí, hindi ito naisatuparan at patuloy na lumobo ang populasyon ng mga Tsino sa bansa; mahigit 6,000 na Tsino ang sumapi sa rebelyon noong 1639. Matapos ang naganap na rebelyon noong 1662, mulíng binalik ang paglimit sa 6,000 na Tsino (Ricci 258-259). Matapos ang krimen ng isang Tsino nagngangalang Tingco noong 1686, naging hangad muli ng Español ang pagpapatalsik sa kanila alinsunod sa dekreto na paalisin ang mga hindi Kristiyanong Tsino (Chia 517). Tulad ng nakagawian, hindi rin nagtagal at umabot pa sa 20,000 ang populasyon ng Tsino sa bansa. Sa mga taóng 1744, 1747, at 1755, mulíng umiral ang decreto real ng pagpapatalsik ng Tsino ngunit hindi ito naging epektibo sa huli (Guerrero 35). Matapos maging kakampi ng Gran Britanya ang Tsino noong 1762-1764, naging sigaw ng ilang Español ang pagpapatalsik sa “lahat” ng Tsino sa bansa sa pangunguna nina Gob. Hen. Francisco Javier de la Torre, Royal Audiencia, at iba pang mga prayle (Escoto, *Expulsion* 52-53). Bílang tugon sa kahilingan, naglabas ng decreto real ang Hari ng Espanya noong 1766 na nag-uutos sa pagpapatalsik ng “lahat” ng Tsino sa bansa (Escoto, *Expulsion* 53). Naitaláng mahigit dalawang libo Tsino ang napaalis sa bansa mula 1767-1772 (Escoto, *Expulsion* 64). Lumipas ang panahon, umakyat mulí ang populasyon ng Tsino sa bansa na kung saan umabot sa 10,000 Tsino at

¹⁵ Si Guerrero ang nagbanggit na pinakauna ang taóng 1605. Ang mga sumunod na taon ay banggit din lahat ni Guerrero. Subalit, ipinunto ng may-akda na mayroong na ring ganoong uri ng patakaran simula pa noong 1603.

24,000 Mestisong Tsino noong 1842 (Guerrero 35).¹⁴

Samakatwid, hindi umubrang panatilihin ang maliit na bilang sa kabila ng kaliwa't kanang patakarang pagpapaalis sa kanilá. Mababawasan—pero lilipas din. Mapapansin na malimit binabalikan lámang ang patakaran tuwing may nagaganap na suliraning Tsino. Isang halimbawa nito ang paghigpit sa bilang ng Tsino sa bansa sa taong 1603, 1605, at 1606 bilang pagtugon sa naganap na rebelyon noong Oktubre 1603. Sa isang liham noong Nobyembre 4, 1606, bakás ang pag-aalinlangan ni Haring Felipe III kay Gob. Hen. Acuña tungkol sa presensiya ng Tsino sa kapuluan.

I have learned that there have entered and are living in the city of Manila three or four thousand Sangleys. It has seemed to me that although, for the convenience of supplying necessary things for the country, it is well that as many should remain as are needed, **still the most careful attention must be given to the evil results which have previously been perceived, and to the very great injuries which have followed** from the permission that so many should enter and remain in the country. I accordingly charge you that you pay heed to this matter, and that you permit to remain no more than are absolutely necessary, having respect to no other consideration; since nothing can be so profitable as to compensate **for the damage which may follow from the contrary course** (Haring Felipe III 14: 192).

Maraming posibleng katwiran kung bakit hindi naging pangmatagalan ang pagkontrol sa populasyon ng Tsino. Una, naidaraan ng mga Tsino ito sa palusot o taktika upang manatili sa bansa. Makikita ito sa taóng 1686 kung saan gumawa sila ng liham na kailangan niláng manatili sa bansa upang mangkolekta ng utang. Bukod pa roon, nagbanta sila na walang makapapalit sa kaniláng mga trabaho kung mawawala sila (Chia 517). Sa taong 1755 naman, dinaan nilá ito sa pagkukunwari ng pag-aaral ng doktrina ng simbahang Katoliko kayâ hindi sila maaaring paalisin ng bansa (Guerrero 35). Ikalawa, tumatanggap ng suhol ang iláng Español mula sa Tsino upang papasukin o panatilihin sila sa kolonya (Guerrero 26). Ikatlo, ang pinakamahalagang kadahilanan sa lahat, iniuugnay ang pagbabâ ng ekonomiya ng kolonya tuwing nababawasan ang Tsino kayâ ipinagpapaliban minsan ang

patakaran hinggil sa pagpapatalisik (Fast at Richardson 5). Sa akdang *Events in Manila, 1662-1663*, matatagpuan ang saloobin ni Fr. Vitorrio Ricci (264) tungkol dito na may halong pagkukumpara ng Tsino sa Filipino.

All recognized our need of that [Chinese] nation, in the lack and scarcity of all things to which we see ourselves now reduced—all because the number of the Sangleys has been diminished, since the natives have neither energy nor strength to support the burdens that the Chinese carry; and much more on account of our dependence upon their trade, for everything. For not only does everything necessary for life come to us from China:— as wheat, cloth, and earthenware—but it is the Sangleys who carry on all the crafts, and who with their traffic maintain the fortunes of the citizens.

Mahigit isang daang taon ang nakalipas, hindi ikinatuwa ng iláng Español ang pagpapatalisik ng Tsino sa bansa noong 1766. Ayon sa isang siyentistang Pranses na si Le Gentil:

All the Spaniards I met in Manila **expressed sincere regret** at the expulsion of the Chinese, and **admitted that they would be missed** in the Philippines, **because the natives were incapable of taking their place** (snp. ni Escoto, *Expulsion* 66).

Noong Nobyembre 1772, ito rin ang naging katwiran ni Pedro de Calderon, isang mahistrado ng Royal Audiencia, sa harap ng Consejo de las Indias nang itaguyod niya ang pagbabalik at pagpapanatili ng Tsino sa kapuluan (Escoto, *Expulsion* 66). Naging bánat ni Calderon ang matinding pakinabang ng kolonya sa mga Tsino tulad ng pagiging tagapagtustos ng mga pagkain, tagapag-ani ng mga sangkap, at mababang bentahan. Ayon pa sa kaniya, ang mga lugar na walang Tsino ay nagiging “mahirap” at “miserable” (Escoto, *Supplement* 221). Hindi naging madali ang naging panukala ni Calderon sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Hen. Anda. Nagsimulang huminahon ang sentimentong kontra-Tsino sa kaniyang pagkamatay noong Oktubre 30, 1776. Pinahintulutan ng kaniyang kasunod, Gob. Hen. Jose Vargas Basco, ang pagpasok ng Tsino sa bansa at hinimok ang ilan pang banyagang Tsino (mula Tsina) na mamalagi at maghanap-

¹⁴ Ang “Mestisong Tsino” ay tumutukoy sa mga táong Tsino at Filipino ang magulang.

búhay sa bansa noong 1778. Tinanggap ng kolonya ang pagpasok ng mga mangangalakal, artisano, at magsasakang Tsino (Escoto, *Expulsion* 67-69).

DISKUSYON

Matuod ang kasabihan: ang maliit na tuldok sa gitna ng isang malinis na papel ang una at palaging mapapansin kaysa kalinisan nito. Kapansin-pansin ang tuldok. Subalit, hindi masasabing kompleto ang buong larawan nito kung hindi rin papansinin ang lawak ng malinis na bahagi ng papel nakapalibot sa munting mantsa. May pagkakahalintulad ito sa anumang uri ng ugnayan ng tao o pangkat gayundin ang nakaraang ugnayang Tsino-Español noong dantaon 16-18.

Sa listahan ng mga tinaguriang “suliraning Tsino,” marahil ang pagsalakay ni Limahong sa Pilipinas ang nagmistulang unang sangkap sa namumuong hindi magandang pagkakakilanlan sa residenteng Tsino sa bansa bílang mga kasabwat ng mananakop na Tsino. Tumatak at nagbunga ito sa kamalayan ng sinaunang mananakop. Sa mga sumunod na taon, nagkaroon pa ng mga banta ang Tsina na sakupin ang Pilipinas mula sa Español na nagtulak sa kanilá upang maging alerto at maghigpit kahit na walang kasiguraduhan na may ugnayan ang residenteng Tsino ng Pilipinas at banyagang Tsino ng Tsina. Namumuo ang pagtingin sa kanilá bílang mga hindi tapat na mamamayan na may tendensiya kumampi sa kanilang ugat na bansa at hamúnin ang kapangyarihan ng España. Dahil sa mga pangyayaring ito, sa kabilang panig, hindi maikakaila ang namumuong pangamba ng Español sa Tsino. Kinikilala ni Borao (35) na isang banta (threat) ang Tsino para sa Español. Maaalalang mas hinigpitan ng Español ang seguridad ng Intramuros Maynila sa bantang pagsalakay noong 1603. Nangyari rin na lahat ng puwersa ng mga mandirigmang Español mula sa Mindanao at Moluccas ay ipinatawag papuntang Maynila upang pagtuunan si Koxinga—ipinagpaliban pa ang pasipikasyon ng Mindanao. Dumagdag pa rito ang mga naging utos ni Gob. Hen. de Lara katulad ng pagpapagiba ng mga simbahan sa Maynila upang magsilbing pundasyon sa portipikasyon kontra Koxinga.

¹⁵ Isang metapora ang “trojan horse” para sa pagtatago ng totoong layunin na kung saan hindi ito makikita sa “labas.” Nagmula ito sa naratibo ng digmaang Troy.

Dahil sa mga naganap na rebelyon, pag-aalsa, at tunggalian sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, mas lalong nabalisa ang Español. Mahihinuha na mayroong kakayahang ang residenteng Tsino ng Pilipinas na makipagsabayan sa puwersa ng Español. Tinatapatan ng matinding pag-iingat ang kumpidensiya sa Tsino. Sa Intramuros, nakahanda’t nakatutok ang mga kanyon sa Tsino sa oras ng panganib. Minsang nabanggit ni Fr. Muñoz, isang inhenyero prayle noong pagsakalay ni Koxinga, sa isang liham ang paglalagay niya ng dalawampung (20) malalaking artilerya sa entrada ng Intramuros kaharap ng Parian upang “direktang matamaan nito ang Tsino sa Parian, kinikilalang mga lokal na kaaway sa bansa (salin ng may-akda)” (Santamaria, 110). Hindi maiiwasang bigyang-diin sa mga batis at literatura ang tagumpay ng Español. Marami sa mga salaysay ay dumaaan sa kamay at pananaw ng Español. Bagaman may katotohanan ang kaniláng tagumpay, makabuluhang alalahanin din ang pinsalang dulot ng Tsino sa Español at bansa bílang katibayan ng kaniláng kakayahang lakas noon. Maraming nasirang mga pamayanan, simbahan, at gusali. Pinaslang din ang iláng kapitan, prayle, at sundalo. Sa halip na tingnan bílang mga inabusong manggagawa, mas idiniin ng mga Español ang rasistang pagsasalihat sa kaso ng dalawang pinaslang na gobernador-heneral. Kung gayon, ang mga Tsino lámang, para sa kanila, ang katangitanging pangkating-etniko na pumatay sa dalawang opisyal na nagsisilbi sa pinakamataas na posisyon sa kolonya. Nakapupukaw pansin ang mga salita ni Weightman (230-231) ng paglalarawan bílang “mapanganib” ang Tsino kung saan tinawag niya silang “Red Trojan Horse.”¹⁵ Dagdag pa niya, “bagaman parang wala lamang kung titignan ang isa sa kanila, ang kabuuang pangkat nila ay patuloy namang kinakatakutan (salin ng may-akda).”

Sa kabila ng nagkakainitang pakikitungo, may iláng pagkakataon din namang nagkaroon ng mapayapang kasunduan sa pagitan ng dalawa. Hindi praktikal sa katatagan ng kolonya ang ganap na pagkabura ng Tsino sa bansa; masasabing hindi layunin ang pagkaubos tuwing may kaganapan ng malawakang pagpatay sa kanilá. Sa masinsinang pagsipat ng mga trahediya na ito, mahuhugot pa rin ang mahalagang gampanin ng Tsino para sa mga

mananakop at para sa kolonya.

Pagdatíng sa pagkontrol ng populasyon ng Tsino sa bansa, hindi naging pangmatagalan ang mga polisiya na ito at sa hulí, patuloy ang pagsigla ng populasyon ng residenteng Tsino sa bansa. Tuwing nababawasan ang bílang ng Tsino sa bansa, biglang sumusulpot naman ang iláng mga saloobin ukol sa kaniláng ekonomikong halaga sa kolonya. Sa pagtanto ng halaga ng kaniláng presensiya, nagiging hadlang ito sa pagpapatupad ng naturang patakaran. Bakás ito na ang Tsino bílang impluwensiyal na sektor ng lipunan.

Bagaman lampas na sa sinasaklawang panahon, mas magiging malinaw ang pagiging impluwensiyal ng mga Tsino sa ika-19 na siglo, gayundin ang hulíng dantaon ng kolonisasyon ng España sa Pilipinas. Sa panahong ito, hindi man kompletong nahinto, masasabing humupo naman ang tatlong nabanggit na suliraning-Tsino sa kolonya noong ika-16 hanggang ika-18 na siglo (i.e., bantang pagsalakay, rebelyon/malawakang pagpatay, at pagbabawas-populasyon). Talagang ibinibida ang mga Tsino sa kaniláng ekonomikong kakayahan sa kolonya. Naging mahalagang komersyal na distrito ang Binondo, isang Chinatown, sa loob ng ika-19 na siglo (Chu 59). Pagdatíng sa usapin ng Tsino-Mestiso, magsisimula maging tanyag ang rasistang klasipikasyon ito simula sa hulíng bahagi ng ika-18 na siglo (Wickberg, *Chinese Mestizo* 71)—bakás ng dahan-dahang asimilasyon ng mga Tsino sa pamamagitan ng pakikipagpares sa mga Filipino. Pagsapit ng kalagitnaan ng 1850, masasabing kontrolado na ng mga Tsino at Tsino-Mestizo ang “internal trade” (Fast at Richardson 24). Sa hulíng mga dekada ng ika-19 na siglo, mulíng magiging matinding alalahanin ng pamahalaang kolonyal ang mga Tsino sa usapin ng inmigrasyon kasabay ng kaniláng patuloy na malakas na impluwensiya sa ekonomiya (Galang 22).

KONGKLUSYON AT TUNGUHIN

Tunay na masalimuot ang ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas. Sa paglirip ng mga kaganapang hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, malinaw na mauunawaan ang pag-iimahan sa mga Tsino sa loob ng saklaw na panahon. Karapat-dapat silipin ang ika-16-18 na dantaon sapagkat nakapaloob dito ang karamihan ng manipestasyon ng masalimuot na ugnayan na magsisilbing daan sa pag-unawa at pagbuo ng bágong kaalaman tungkol

dito. Kung susumahin, mungkahi ng papel ang pagluklok din sa Tsino sa Pilipinas bílang isang impluwensiyal at pinangangambahang pangkat sa Pilipinas sa loob ng saklaw na panahong bílang pandagdag sa nakagawiing karakterisasyon ng isang lahing pangkat o minoridad na inaapi't kinamumuhian ng mga mananakop. Sa madaling sabi, ang presensiya ng Tsino para sa Español ay matataguriang isang malaking biyaya gayundin isang mapanganib na sumpa.

Mahalaga ang pag-aaral na ito upang patunayan na maaari natin hamúnin o kalikutin ang mga itinatag na pagsasalarawan sa mga lahing pangkat bílang superyor o imperyor (o iba pa) sa historiograpiya ng Kasaysayang Filipino. Bukod pa rito, hindi rin naman maiiwasan na kailanganin ng isang pangkat ang iba pang pangkat para sa katatagan ng kaniláng ginagalawang lipunan. Layunin ng papel na itong basagin ang problematikong kaisipan na mayroong mas nakahihigit na lahi at marapat na isulong ang pagkakapantay-pantay at pagkakaisa kahit sa kabila ng ating pagkakaiba sa paglikha ng mas mabuting mundo. Sa pagbabalik-tanaw, maaaring maituwid at lumihis sa minsan naging masalimuot na ugnayan.

Para naman sa posibleng pagpapatuloy ng paksang ito, kumpisal ng may-akda ang limitasyon ng papel: ang pagtutuo lamang sa pananaw ng Español sa Tsino—eksklusibong “punto de bista ng Español.” Sa ngalan ng mas kompletong paglalarawan ng ugnayang Tsino-Español, mahalagang talakayin sa hinaharap bílang panibagong papel ang naging persepyon ng Tsino sa Español (punto de bista ng Tsino) na kung saan mapapahintulutan lámang ito kung mayroon o matatagpuan ang mga dokumentong salaysay na nagmula sa alaala ng Tsino. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Abinales, Patricio N. at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. Maryland: Rowman & Littlefield Publishers Inc, 2005.
- Acuña. Pedro. "Sangley Insurrection: Letters from Pedro de Acuna." 18-23 Disyembre 1603. Blair at Robertson 12: 153-168.
- Arcilla, Jose S. *An Introduction to Philippine History*. 4th ed. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2022.
- Argensola, Bartholomew Leonardo. *The Discovery and Conquest of the Molucco and Philippine Islands*. Sal. John Stevens. London: 1708.
- Blair, Emma Hellen at James Alexander Robertson, pat. *The Philippine Islands 1493-1898*. 55 tomo. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1904.
- Borao, Jose Eugenio. "The massacre of 1603: Chinese perception of the Spaniards in the Philippines." *Itinerario* 23.1 (1998): 22-39.
- Boxer, Charles Ralph. *South China in the Sixteenth Century (1550-1575): Being the Narratives of Galoete Pereira, Fr. Gaspar Da Cruz, OP, Fr. Martin de Rada, OESA, (1550-1575)*. London: The Hakluyt Society, 2017.
- Chan, Albert. "Chinese-Philippine Relations in the Late Sixteenth Century and to 1603." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 26.1-2 (1978): 51-82.
- Chang, Y. Z. "Sangley, the Merchant-Traveller." *Modern Language Notes* 52.3 (1937): 189-190.
- Chia, Lucille. "The Butcher, the baker, and the carpenter: Chinese sojourners in the Spanish Philippines and their impact on Southern Fujian (Sixteenth-Eighteenth Centuries)." *Journal of the Economic and Social History of the Orient* 49.4 (2006): 509-534.
- Chu, Richard T. *Chinese and Chinese Mestizos of Manila: Family, Identity, and Culture, 1860s-1930s*. Leiden: Koninklijke Brill NV, 2010.
- Coblin, Weldon South. "A Brief History of Mandarin." *Journal of American Oriental Society* 120.4 (2000): 537-552.
- Escoto, Salvador P. "A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 48.2 (2000): 209-234.
- _____. "Expulsion of the Chinese and Readmission to the Philippines: 1764-1779." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 47.1 (1999): 48-76.
- "Events in Manila, 1662-1663." Blair at Robertson 36: 218-260.
- Fast, Jonathan at Jim Richardson. *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1979.
- Felix, Alfonso Jr. *The Chinese in the Philippines, 1570-1770*. Bol. 1. Manila: Solidaridad Publishing House, 1966.
- Fox, Robert. "The Archeological Record of Chinese Influences in the Philippines." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 15.1 (1967): 41-62.
- Galang, Jely A. "Vagrants and Outcasts: Chinese Labouring Classes, Criminality, and the State in the Philippines, 1831-1898." Diss. Murdoch University, 2019.
- Guerrero, Milagros C. "The Chinese in the Philippines, 1570-1770." Felix 15-39.
- Haring Felipe III. "Felipe III to Pedro de Acuña." 4 Nobyembre 1606. Blair at Robertson 14: 191-192.

Horsley, Margaret Wyant. "The Formation of Anti-Chinese Feeling in the Philippines: A Cultural Study of the Stereotypes of Prejudice." Diss. Colombia University, 1950.

Kueh, Joshua Eng Sin. "Manila Chinese Community, Trade, and Empire, C. 1570-C. 1770." Diss. Georgetown University, 2014.

Madrid, Manuel. "Relations with Chinese: Chinese Immigration Restricted." 5 Hulyo 1605. Blair at Robertson 14: 50-52.

Maldonado, Miguel Rodriguez. "The Sangley Insurrection of 1603." 1606. Blair at Robertson 14: 119-139.

McCarthy, Charles J. "On The Koxinga Threat of 1662." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 18.1 (1970): 187-196.

_____. "Slaughter of Sangleys in 1639." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 18.3 (1970): 659-667.

Morga, Antonio. "Sucesos de las Islas Filipinas (to be concluded)." Blair at Robertson 15: 25-287.

_____. "Sucesos de las Islas Filipinas (concluded)." Blair at Robertson 16: 25-210.

"Relation of the Voyage to Luzon." *The Philippine Islands 1493-1898*. Blair at Robertson 3: 73-104.

Ricci, Vittorio. "Events in Manila, 1662-63." Blair at Robertson 36: 218-260.

Royal Audiencia. "Sangley Insurrection: Letter from the Audiencia." 12 Disyembre 1603. Blair at Robertson 12: 142-146.

Salazar, Geronimo. "Three Chinese mandarins at Manila." 5 Hulyo 1603. Blair at Robertson 12: 83-97.

Sande, Francisco. "Relation of the Filipinas Island." Blair at Robertson 4: 21-118.

Santamaria, Alberto. "The Chinese Parian (El Parian de los Sangleyes)." Felix 67-118.

Weightman, George H. "Anti-Sinicism in the Philippines." *Asian Studies* 5.1 (1967): 220-231.

Wickberg, Edgar. "The Chinese Mestizo in Philippine History." *Journal of Southeast Asian History* 5.1 (1964): 62-100.

_____. *The Chinese in Philippine Life, 1850-1898*. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000.



Si LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA ay nagtapos ng MA Kasaysayan sa Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan din siyang Lecturer ng Departamento ng Agham Pisikal at Matematika, Kolehiyo ng Agham at Sining, UP Manila. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay kasaysayang legal ng Pilipinas at mga awtomatikong-pangkompyuter na pamamaraan sa pagsisiyasat o pagbabasá ng legal na teksto. Maaari siyang makontak sa lbranera@up.edu.ph.